NEWS RELEASE
(PAGLALABAS NG BALITA)

Edward B. Murray, Mayor
Christopher Williams, Pansamantalang Superintendente

Para sa Agarang Paglalabas Enero 9, 2014

Makipagkontak kay: Joelle Hammerstad (206) 684-8020
email joelle.hammerstad@seattle.gov

Seattle Parks, komite ng mga mamamayan upang makipagtipon sa komunidad ukol sa posibleng mungkahing pagbabatas sa pagpondo ng park

Ang Seattle Parks and Recreation ay nag-aanyaya ng tatlong pangkomunidad na mga pagpupulong sa Enero upang makakuha ng mga katugunan (feedback) sa nagawang trabaho ng Parks Legacy Citizens' Advisory Committee sa paghanda para sa posibleng 2014 na mungkahing pagbabatas sa pagpondo sa parke at libangan.

Gaganapin ang mga pagpuluong sa:

- Huwebes, Enero 23, International District/Chinatown Community Center, 719 8th Ave. S, sa 6 ng hapon
- Sabado, Enero 25, High Point Community Center, 6920 34th Ave. SW, 1 ng hapon (mayroong libreng pangangalaga sa bata na ibibigay)
- Huwebes, Enero 30, Bitter Lake Community Center, 13035 Linden Ave. N, sa 7 ng gabi

Itatampok sa mga pagpupulong ang maikling presentasyon na nilalarawan kung paano nabigyang karapatang mauna ng komite ang listahan ng posibleng mga inisyatibo sa pamumuhunan. Iyan ay masusundan ng propesyonal na napamahalaang mga workshop na nanunuklas ng mga pahayag na opinyon o paniniwala ng komunidad sa tatlong espisipikadong mga dako.

1. Mga karapatang mauna. Nakatuklas ba ang Komite ng wastong paninimbang kabilang sa mga: 1) pangangalaga sa mga yaman ng parke at libangan na pag-aari na ng Lungsod; 2) pagpondo sa mga programa, mga klase at mga serbisyo para sa komunidad at 3) paghanda para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbuo sa "land banked" parke na mga ari-arian at maging mga bagong parke at magtamo ng bagong

lupain na parke?

2. Laki. Matututunan ng mga dadalo kung paano ang iba't-ibang mga antas ng pagpondo ay naaapektahan ang mga buwis ng may-ari ng bahay, at pagkatapos ay magbibigay ng mga pahayag na opinyon o paniniwala kung gaano kalaki ng pakete na pagpondo ang waring angkop.
3. Mekanismo sa pagpondo. Ipapaliwanag ng mga facilitator (nagpapasimuno) ang mga pagkakaiba-iba sa pagitan ng pang maikling-panahon, pang mahabang-panahon, at permanenteng mga pagbubuwis (levies), at kung paano maihahambing ang mga iyan sa pagbuo ng isang metropolitan parks district (MPD). Hihilingan saka niyan ang mga dumalo na magbigay ng mga katugunan (feedback) kung alin sa mekanismo ang pinakanababagay para sa Seattle, at hahandogan ng pagkakataon na ipahayag ang mga nasa kaisipan o mga pagkabahala sa bawat mga pili.

Nag-umpisang magtrabaho ang Seattle Parks and Recreation sa Park Legacy Plan, na nagbubuo ng batayan sa pagbabatas sa pagpondo, higit pa sa nakaraang taon. Nag-umpisa ang proseso na may pagkakasunud-sunod na mga pagsusuri (surveys) pangkomunidad at sa paggagamit ng mga parke, at humantong sa anim na mga pagpupulong pampubliko sa buong dako ng lungsod upang magtipon ng mga pahayag na opinyon o paniniwala. Ipinokus ng proseso ang pagdulot ng mga boses sa usapan kung paano magagampanan ng Seattle Parks and Recreation ang lumalaking mga pangangailangan ng isang masigla at mataginting na lungsod.

Pagkatapos nailathala ng Seattle Parks ang pangalawang krokis ng plano ng Parks Legacy Plan noong Hunyo 2013, ang Alkalde at Konseho ng Lungsod ay nagtipon-tipon ng isang boluntaryong Parks Legacy Citizens' Advisory Committee upang magpayo sa kanila kung ano ang babayaran ng pagbabatas sa pagpondo ng parke at kung anong uri ng mekanismo sa pagpondo ang nararapat – isang pagpapabuwis (levy) o isang pang-lungsod na mga parke na distrito (metropolitan parks district).

Noong Disyembre, naglabas ang komite ng kanyang panimulang ulat at ang unang krokis (draft) ng plano ukol sa may karapatang maunang listahan ng mga programa at mga serbisyo na paniwala niyang nararapat na mapondohan. Sa bawat kanyang pagpupulong, nanguha ang komite ng mga pahayag na opinyon o paniniwala ng publiko, at nagganap ng pampublikong pagdinig noong Nobyembre.

Sa mga pagpupulong pangkomunidad sa Enero, matututunan ng publiko ang higit pa ukol sa mga rekomendasyon ng komite, making may-kaalaman sa posibleng mga pili sa pagpondo, at makipagtagpo at makipag-usap sa mga miyembro ng komite.

Pagkatapos ng Enerong mga pagpupulong pangkomunidad, ang komite ay magtitipon-tipon na muli sa Pebrero sa pagrepaso, at marahil rebisahin, ang kanyang panimulang mga rekomendasyon batay sa mga pahayag na opinyon o paniniwala ng publiko; at kanilang tatalakayin at gagawa ng rekomendasyon sa laki at uri ng pagbabatas sa pagpondo. Ipapadala ng komite ang kanyang pangwakas na mga rekomendasyon sa Alkalde at Konseho ng Lungsod sa Marso 12.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina: Barbara Wright, Co-Chair (kapwa tagapangulo); Charlie Zaragoza, Co-Chair (kapwa tagapangulo); Thatcher Bailey; Steve Daschle; Juli Farris; Bill Farmer; Thomas Goldstein; Jessie Israel; Diana Kincaid; Michael Maddux; Brice Maryman; Yalonda Gill Masundire; Mustapha Math; Erika Melroy; at David Namura.

Upang matutuhan ang marami pa, basahin ang Interim Report ng Legacy Committee. Makukuha ito sa www.seattle.gov/parks/legacy/committee, o sa naiprintang kopya sa mga sentro pangkomunidad at mga palanguyan (community centers and pools). Nakadetalye sa Interim Report ang mga proseso ng komite, mga dahilan at pansamantalang mga rekomendasyon.

Ang detalyadong impormasyon ukol sa bawat minungkahing pamumuhunan at posibleng mga mekanismo sa pagpondo ay matatamo rin sa website ng Parks Legacy Citizens' Advisory Committee, at makukuha rin sa mga pagpupulong.

Yung mga nais na magbigay ng mga pahayag na opinyon o paniniwala, ngunit hindi makadalo sa mga pagpupulong ay maaaring makapagbigay ng naisulat na mga komentaryo, na may taglay ding kapantay na kahalagahan sa mga komentaryong pasalita.Paki-email ang mga komentaryo sa parkslegacy@seattle.gov.

Para sa mga serbisyong pagsasalin ng wika o espesyal na mga akomodasyon sa pagpupulong, paki-email ang parkslegacy@seattle.gov o tawagan si Susanne Rockwell sa (206-733-9702).

# # #